

Petsa ng Paglalathala: Marso 4, 2022

**SAN DIEGO COUNTY KONSORSYUM PAUNAWA NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG AT PAUNAWA NG PAGIGING MAGAGAMIT**

**COUNTY NG SAN DIEGO KONSORSYUM  
2022-23 TAUNANG PLANO  
SUSOG SA 2021-22 TAUNANG PLANO**

**COMMUNITY DEVELOPMENT BLOCK GRANT (CDBG), HOME INVESTMENT PARTNERSHIPS (HOME), EMERGENCY SOLUTIONS GRANT (ESG), AT HOUSING OPPORTUNITIES FOR PERSONS WITH AIDS (HOPWA) PROGRAM FUNDS**

Ito ay isang paunawa na ang Lupon ng mga Superbisor ay magsasagawa ng pampublikong pagdinig sa Abril 5, 2022 sa alas 9:00 ng umaga. sa Silid 310 ng County Administration Center, 1600 Pacific Highway, San Diego, CA, upang isaalang-alang ang Piskal na Taong 2022-23 na Taunang Plano. Isasaalang-alang ng Lupon ang iminungkahing paggamit ng tinatayang: \$4,395,761 na mga pondo ng CDBG; \$3,280,906 na mga pondo ng HOME; \$363,813 na mga pondo ng ESG; at \$5,253,183 na mga pondo ng HOPWA na matatanggap ng County mula sa Department of Housing and Urban Development (HUD) ng Estados Unidos. Isasaalang-alang din ng Lupon ang iminungkahing paggamit ng tinatayang \$2,000,000 sa Piskal na Taong 2022-23 CDBG at mga kita ng HOME Program at ang muling paglalaan ng tinatayang \$9,600,000 sa mga nakaraang taon na mga karapatan sa HOME, ESG, CDBG at HOPWA. Ang mga bilang na ito ay batay sa mga antas ng pagpopondo noong nakaraang taon.

Inilalarawan ng Taunang Plano ang mga iminungkahing aktibidad na popondohan mula Piskal na Taong 2022-23 at mga karapatan sa nakaraang taon, na dapat matugunan ang mga layunin na itinatag sa 2020-24 Konsolidadong Plano.

Isasaalang-alang din ng Lupon ang iminungkahing paggamit ng \$11,891,028 na mga pondo ng HOME-American Rescue Plan (HOME-ARP). Ang County ay tumatanggap ng mga pondo ng HOME-ARP mula sa HUD upang tulungan ang rehiyon sa pagbabawas at pagpigil sa kawalan ng tirahan at pataasin ang katatagan ng pabahay.

Ang programa ng CDBG ay nagbibigay ng pondo sa hindi inkorporadong lugar ng County at sa mga lungsod ng Coronado, Del Mar, Imperial Beach, Lemon Grove, Poway at Solana Beach. Ang mga pondo ng CDBG ay dapat na: (1) pakinabangan ng mga taong mas mababa ang kita; (2) maiwasan/alisin ang mga iskwater at kahirapan; o (3) matugunan ang agarang pangangailangan sa pagpapaunlad ng komunidad. Pinopondohan ng programang HOME ang mga aktibidad sa abot-kayang pabahay sa loob ng Konsorsyum ng HOME ng County. Kasama sa Konsorsyum ng HOME ang mga lugar ng CDBG, kasama ang mga lungsod ng Carlsbad, Encinitas, La Mesa, San Marcos, Santee at Vista. Pinopondohan ng programang ESG ang tulong sa mga walang tirahan sa mga lugar ng CDBG at pinopondohan ng programa ng HOPWA ang mga pabahay/serbisyo para sa mga taong may HIV/AIDS at kanilang mga pamilya sa buong County ng San Diego.

Magagamit ang mga kopya ng balangkas na Plano para sa pampublikong pagsusuri at komento, sa loob ng 30-araw na panahon ng komento mula Marso 4, 2022 hanggang Abril 5, 2022, sa website ng County sa [www.sdhd.com](http://www.sdhd.com). Ang mga taong nangangailangan ng tulong upang makilahok sa mga pagpupulong (hal., hindi nagsasalita ng Ingles, may kapansanan sa pandinig, atbp.) ay dapat sabihan ang HCDS limang araw bago ang pulong. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa (858) 694-8724. Para sa tulong na may kapansanan sa pandinig, mangyaring tumawag sa (866) 945-2207.

**ANUNSYO NG PAMPUBLIKONG SERBISYO SA COVID-19**

Dahil sa emerhensiya sa pampublikong kalusugan dala ng **sakit na Coronavirus (COVID-19)**, ang County ng San Diego ay gumagawa ng ilang pagbabago na may kaugnayan sa mga pulong ng Lupon ng mga

Petsa ng Paglalathala: Marso 4, 2022

Superbisor upang protektahan ang kalusugan ng publiko at maiwasan ang pagkalat ng sakit sa lokal na mga lugar. Maaaring tingnan ng mga miyembro ng publiko ang ilang mga opsyon para ipakita ang kanilang pampublikong komento sa online: <https://tinyurl.com/SDpubliccomment>